Pangalan:____________________________Pangkat: ____________________________
Petsa : ______________________________ Marka: _____________________________

**Kasanayan**: Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan.
**Code :** F6PN-IIIe19

Ang pagbubuod ay isang paraan ng pagpapaikli ng anumang teksto o babasahin. Ito ay paglalahad ng kaisipan at natutuhang impormasyong nakuha sa tekstong binasa.
Sa pagbibigay ng buod ng isang kwento, salaysay o talata mahalagang makabuo muna ng balangkas na maaaring nasa ating isipan lamang o kaya ay maaari rin naming isulat. Unang-una, isulat ang pamagat ng kuwento. Pangalawa, hatiin sa bahagi ang teksto batay sa kwento na bibigyang buod. Pangatlo, sa bawat paksa dapat mailalahad ang mga mahahalagang detalye na magbibigay ng mga kaisipang mag-uugnay sa paksa.

**Gawain 1** Panuto: Pag-aralan mo ang mga sumusunod na talatang bumubuo sa isang talambuhay. Sa mga kasunod na mga pangungusap na may letra ay piliin mo ang katumbas ng buod. Isulat ang bilang at katumbas na letra sa iyong sagutang papel.

_______1. Itinuring ng ating kasaysayan bilang "Tunay na Bayani ng Masa." Maraming taguri kay Andres Bonifacio. Tinatawag siyang "Ang Dakilang Mahirap." Nakikilala na siya bilang "Ama ng Katipunan" at "Ama ng Demokrasyang Pilipino.

_______ 2. Isinilang si Andres Bonifacio sa Tondo, Maynila noong Nobyembre 30, 1863. Maralita ang angkang kanyang pinagmulan. Maaga siyang naulila. Labing-apat na taong gulang siya nang mapaatang sa kanyang balikat ang pangangalaga sa lima niyang kapatid.

_______3. Gumawa siya ng mga baston, tungkod at pamaypay na naging mabili sa mga nakaririwasang angkan at maging sa mga Español. Nagtrabaho siya bilang mensahero sa istasyon ng tren sa Tutuban ` at isa ring bodegero. Upang maragdagan ang kanilang pang-araw-araw na panustos, nagtitinda siya at nag-aahente ng iba'tibang produkto.

_______4. Hindi siya nagkapalad na makapag-aral at makatungtong ng kolehiyo. Gayunpaman, buong tiyaga niyang binasa ang ilang mga aklat pangkaisipan. Ilan sa mga ito ang History of the French Revolution at ang Noli at Fili ni Rizal.

_______5. Noong gabi ng Hulyo 17, 1892, itinatag ni Bonifacio ang isang makabayang samahan. Tinawag niya itong KKK sagisag ng Kataastaasan, Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan .Layunin nito na mapalaya ang mga Pilipino sa mapaniil na pananakop ng mga Español.

a. Ang pagkakatatag ng samahang katipunan
b. Mga gawaing ginampanan at trabahong pinasukan ni Bonifacio
c. Kapanganakan at Kabataan ng Dakilang Maralita
d. Mga akdang binasa ni Bonifacio
e. Mga taguri kay Andres Bonifacio

**Gawain 2 A.** Panuto:Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Kawa-kawa Hill and Natural Park

Nakapunta ka na ba sa Albay? Narinig mo na ba ang Kawa-kawa Hill? Ang Kawa-kawa Hill ay isang tourist spot sa probinsya ng Albay na matatagpuan sa Lungsod ng Ligao.

Ito ay tinawag na Kawa-kawa dahil ang tuktok ng burol na ito ay hugis kawa o malaking kawali kung saan may malalim na uka ito sa gitna. Isa rin itong sikat na lugar para sa mga deboto dahil makikita rin dito ang 13 Istasyon ng Krus. Pinupuntahan ito ng maraming tao tuwing Semana Santa kung saan maaari kang magnilay-nilay at

LIVEWORKSHEETS

magdasal.

Ang pagpunta sa tuktok ng burol na ito ay hindi ganun kadali. Subalit, hindi mo mararamdaman ang pagod sa pag-akyat dahil mabubusog ang iyong mga mata sa paikot na berdeng tanawin at ang abot-kamay na ganda ng Bulkang Mayon ay masisilayan mo rin.

Maaari rin kayong mag-bonding dito kasama ang iyong pamilya o mga kaibigan dahil sa sobrang lawak ng lugar. Mainam rin na makapunta sa tuktok ng burol bago lumubog ang araw upang masilayan mo ang sunset.Tunay na ang Kawa-kawa Hill ay isa sa mga magagandang likha ng Maykapal kaya dapat natin itong mahalin at pangalagaan.

Tanong
1. Saan matatagpuan ang Kawa-kawa Hill?
2. Bakit ito tinawag na Kawa-kawa Hill?
3. Ano-ano ang maaari mong gawin sa burol na ito?
4. May alam ka bang lugar na may ganito rin kagandang tanawin?
5. Nais mo rin bang makarating sa iba't-ibang lugar? Bakit?

**B.** Punan ang mga patlang upang mabuod ang talatang nasa ibaba.

1. Ang Kawa-kawa Hill ay ____________________________________________.
2. Ito ay tinawag na Kawa-kawa dahil ____________________________________.
3. Mabubusog ang iyong mga mata sa pag-akyat sa burol na ito dahil ______________________________________________________________________.
4. Masisilayan mo ang sunset kapag ____________________________________.
5. Dapat natin itong mahalin at pangalagaan dahil ________________________.

LIVEWORKSHEETS